REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93 - 80

KAPASIYAHAN NA BINIBIGYANG KAPANGYARIHAN ANG PUNONGBAYAN IGNACIO R. BUNYE NA BUUIN ANG MUNTINLUPA TRAFFIC MANAGEMENT COUNCIL NA MANGANGASIWA AT MANGANGALAGA NG PAGSASAAYOS NG TRAPIKO SA BAYAN NG MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

; Ipinanukala nina: Kgg. Lucio B. Constantino; Kgg. Rey E. Bulay; Kgg. Rufino B.Joaquin; Kgg. Dante S. Almario at Kgg. Alejandro L. Martinez

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang Punongbayan ay binibigyan ng kapangyarihan na magpormularyo ng mga planong pangkaayusan at pangkatahimikan para sa pangkalahatang kapakanan ng bayan (chap.3, Art.I, Sec. 444 (b)(2)(v)(vi) ng R.A. 7160);

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ay may karapatang magsabatas o magpasa ng mga kapasiyahan na naglalayon na mamintina ang kaayusan at katahimikan ng bayan (chap.3, Art. 3, Sec.447 (a)(1)(ii) ng R.A. 7160);

SAPAGKAT, ang suliranin sa trapiko ay lumalala sanhi ng walang maayos o tamang pangangasiwa sa trapiko (traffic management);

SAPAGKAT, ang sama-samang pagkilos at pagkakaroon ng koordinasyon ng mga naglilingkuran sa pamahalaang bayan ay naglalayong sumaisip at magbalangkas ng planong magpapabuti sa kalagayan ng trapiko;

SAPAGKAT, ang Muntinlupa Traffic Management Council ay bubuuin ng mga sumusunod na sangay at tauhan ng pamahalaang bayan;

| | | |
|---|---|---|
| 1. | Punongbayan Ignacio R. Bunye | - Over-all Coordinator |
| 2. | Pang.Punongbayan Jaime R. Fresnedi | - Coordinator,Distrito I |
| 3. | Konsehal Lucio B.Constantino | - Coordinator,Distrito II |
| 4. | Mga Kagawad ng Sangguniang Bayan | - Mga Miyembro sa Distritong nasasakupan |
| 5. | Mga Punong Barangay | - Mga Miyembro sa Distritong nasasakupan |
| 6. | Pinuno, Public Order & Safety Office | - Miyembro |
| 7. | Pambayang Inhinyero | - Miyembro |
| 8. | Station Commander,MPF | - Miyembro |
| 9. | Sub-Station Commanders,MPF | - Miyembro |
| 10. | Chief,Traffic Division,MPF | - Miyembro |

SAPAGKAT, ang lahat ng bumubuo ng Muntinlupa traffic Management Council ay may kapangyarihan na humuli ng mga lumalabag sa umiiral ng mga batas at kautusang bayan na may kinalaman sa trapiko.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na pagtibayin ang kapasiyahan na binibigyang kapangyarihan ang Punongbayan Ignacio R. Bunye na buuin ang Muntinlupa Traffic Management Council na mangangasiwa at mangangalaga ng pagsasaayos ng trapiko sa Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINAGTIBAY ng Sangguniang Bayan sa kanilang pang 51st regular na pulong na ginanap ngayong ika-9 ng Agosto, 1993 sa Silid Pulungan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN :

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal
Pansamantalang Tagapangulo

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan



KGG. VICENTE YU CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng Punongbarangay

KGG. MIGUEL LUIS F.RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Ped.ng mga Sang. Kabataan

PINATUTUNAYAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan